Sumpa sa buhay ko na hawak Niya sa Kamay Niya,Tunay na kayo ay Magtatagubilin ng Alma`ruf [ng paniniwala sa kaisahan ni Allah at sa lahat ng ipinag-uutos sa Islam] at Magbabawal kayo sa Al Munkar [paniniwala sa maraming Diyus-diyosan,at sa lahat ng ipinagbabawal sa Islam, o magiging malapit na ang pagpapadala ni Allah sa inyo ng Kaparusahan mula sa kanya,Pagkatapos ay mananalangin kayo sa Kanya,Ngunit hindi Niya kayo pakikinggan

Ayon kay Hudhaifah Bin Al-yaman -malugod si Allah sa kanya-.Buhat sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Katotohanang siya ay nagsabi: ((Sumpa sa buhay ko na hawak Niya sa Kamay Niya,Tunay na kayo ay Magtatagubilin ng Alma`ruf [ng paniniwala sa kaisahan ni Allah at sa lahat ng ipinag-uutos sa Islam] at Magbabawal kayo sa Al Munkar [paniniwala sa maraming Diyus-diyosan,at sa lahat ng ipinagbabawal sa Islam, o magiging malapit na ang pagpapadala ni Allah sa inyo ng Kaparusahan mula sa kanya,Pagkatapos ay mananalangin kayo sa Kanya,Ngunit hindi Niya kayo pakikinggan))

[Maganda] [Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

Ang sinabi niya-Sumakanya ang pagpapala at pangangalaga-:"Sumpa sa kaluluwa ko na Hawak Niya sa kamay Niya" Ito ay Sumpa,Isinusumpa rito ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa Allah.Sapagkat Siya ang nagbibigay sa kaluluwa ng alipin sa Kamay Niya-Kapita-pitagan Siya at Kamahal-mahalan-Ppapatnubayan nInya kung iibigin Niya,at ililigaw Niya ng Landas kung Iibigin Niya,At kukunan Niya ng Kaluluwa kung iibigin Niya at Papanatilhin Niyang Buhay kung iibigin Niya.Ang Kaluluwa ay nasa Kamay Niya.Sa pagliligaw,Sa pagbibigay Buhay,at sa pagkuha ng kaluluwa,Paghahwak at Pamamahala sa lahat ng bagay;Tulad ng sinabi ni Allah-Mapagpala Siya at Pagkataas-taas Niya: {Ako [Allah] ay nanunumpa sa Tao [kaluluwa],At Siya ng lumikha sa Kanya [sa ganap at angkop na sukat],{At Kanyang ipinamalas sa kanya kung ano ang tumpak at mali} [Al-Shams:7-8],Ang kaluluwa ay sa Kamay ni Allah,Nag-iisa Siya.Dahil dito ay nanumpa ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at siya ay nanunumpa ng maraming beses sa panunumpang ito.(Sumpa sa Kaluluwa ko na Hawak Niya sa Kamay Niya) at minsan ay sinasabi niyang:"Sumpa sa Kaluluwa ni Muhammad na Hawak Niya sa Kamay Niya" Sapagkat ang kaluluwa ni Muhammad ang siyang pinakamabuting kaluluwa,Kaya nanumpa Siya sa rito,dahil sa pinakamabuti nitong kaluluwa.Pagkatapos ay binanggit niya ang pinanumpaan

niya rito,at ito ang pagganap natin sa Pagtatagubilin ng Al-Maruf [Ang paniniwala sa kaisahan ni Allah at sa lahat ng ipinag-utos sa Islam] At ang Pagbabawal sa Al-Munkar [Paniniwala sa maraming Diyus-diyosan at sa lahat ng ipinagbabawal sa Islam],O ang Dumatal sa Pangkalahatan,Ang kaparusahan ni Allah mula sa Knya,Hanggang sa mananalangin tayo sa Kanya ngunit Hindi Siya makikinig sa atin

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/3531